

1

Alas nueve na ng gabi at alam ni Rachelle na late na siya para sa family dinner. Ipinarada niya ang kanyang *Honda Jazz* sa garahe ng kanilang bahay sa New Manila, Quezon City at pinatay ang makina.

Napabuntong-hininga siya nang malalim. First day ng klase sa *St. James Academy for Special Children* kung saan nagtatrabaho siya bilang Special Education teacher. Gaya sa ibang schools, talagang napaka-hectic ng trabaho ng mga teachers dahil hindi lang ang mga bata ang kanilang iniintindi kundi, pati na rin ang mga magulang na hindi rin mapalagay na mawalay sa mga anak sa unang pagpasok sa eskuwela.

Rachelle handled children aged six to eight years old with learning disabilities. Sa kanilang paaralan, pinagsasama ang mga bata na may similar disabilities para mas madaling tutukan ang kanilang development. Unlike typical schools, mas kailangan ng ibayong pagtuon ng pansin sa mga estudyante ang mga guro dahil na rin sa kanilang special needs. Mayroong mga co-teachers si Rachelle na ang hinahawakan na klase ay mga bata na may Down's Syndrome, ang iba ay may Attention Deficit Hyperactivity Disorder

at mayroon ding mga estudyante na may physical disabilities.

Kung tutuusin, mas mahirap ang trabaho ng isang SPED teacher kumpara sa isang tipikal na guro. Sa unang araw ng pasukan, tungkulin ng mga teachers sa *St. James* na kilalanin ang kanilang mga estudyante at siguruhing magiging at home ang mga bata kahit pa nasa ibang environment sila.

Na-late ng uwi si Rachelle dahil tinapos pa niya ang paperwork na kailangang ipasa sa principal kinabukasan.

Kinuha niya ang bag at ilang mga gamit sa passenger seat at nagtungo sa likuran ng bahay. She knew her hair was a complete mess dahil hindi na niya naiayos ang pagkakatali ng mahabang buhok. She wrinkled her nose to keep her glasses from sliding down. Gustung-gusto na niyang maghilamos dahil siguradong napaka-oily na naman ng mukha niya.

Pagkapasok ay naamoy niya ang nalulutong tomatoes at basil leaves. The aroma made her stomach grumble, yet she felt a certain kind of contentment at that simple sense.

Home sweet home, she thought to herself.

“Rachelle, Hija?” Narinig niya ang boses ng isang

matandang babae sa loob ng kusina.

“Yes, Ma, I’m here,” tugon niya sa tinig na iyon habang ibinaba ang dalang laptop bag sa mesita.

Lumabas si Mrs. Saavedra mula sa kusina. Nakasuot ito ng apron kung saan may nakasulat na *‘Kiss the Cook’* sa harapan. Underneath the apron, she wore her usual flowery dress. Sumilay ang ngiti sa mukha nito nang makita siya. She placed the steaming bowl on the counter and removed the potholder from her hands. Nilapitan siya nito at niyakap.

“Welcome home, Hija.” Magiliw nitong pinatakan ng halik ang pisngi niya.

“Sorry, na-late ako, Ma. Sobrang busy sa school saka ma-traffic sa EDSA,” paliwanag niya. Inilapag niya ang dalang folders sa gilid ng mesa at umupo sa tabi ng kabisera. “Nasaan si Papa?” tanong niya.

Nagkibit ng balikat ang matanda. “Tumawag siya kanina at sinabi na nasa dinner kasama ang pamilya ni Mr. Bustamante. Mayamaya ay uuwi na rin iyon.”

May ilang commercial buildings na pag-aari ang mga Saavedra sa gawing Timog Avenue. Pinarerentahan nila iyon sa ilang negosyante, particularly restaurateurs and other small businesses. Inuupahan ni Mr. Bustamante ang isa sa kanilang mga

buildings na ginawa nitong coffee shop, bookstore at Internet café.

Bagaman may-edad na, pinangangasiwaan pa rin ng mag-asawang Saavedra ang negosyo nilang iyon. Kung si Rachelle ang tatanungin, ayaw na niyang pagtrabahuhin ang mga magulang. Ayaw niyang nakikitang napapagod ang mga ito at nase-stress dala ng pagpapatakbo ng kanilang negosyo.

Rachelle wasn't exactly a Saavedra by blood. Inampon siya ng mag-asawa nang mamatay ang matalik na kaibigan ni Minerva na si Guadalupe Buenaventura. Mga sixteen years old pa lang siya nang mamatay ang tunay na ina dala sa ilang komplikasyon. The couple took her in and raised her as their own dahil sabik sila sa babaeng anak. Isang lalaki lang kasi ang naging supling ng mga ito.

Kahit kailan ay hindi itinuring si Rachelle na ampon ng mag-asawa. Ganoon na lang ang pagpapahalaga ng dalaga sa mag-asawa dahil sa kabutihan nila sa kanya. Siya man ay itinuring nang kadugo ang mga ito.

Pinagmasdan ni Rachelle ang mukha ni Minerva Saavedra habang sinasalinan nito ang kanyang pinggan ng kanin. Lagi itong ginagawa ng kanyang pangalawang ina tuwing kakain sila: ito mismo ang

naglalagay ng pagkain sa kanyang pinggan kahit kayang-kaya niyang gawin iyon. Ito ang dahilan kung bakit para kay Rachelle, there was never a great feeling more than coming home to the Saavedras.

Matanda man na maituturing si Minerva, hindi halos makita iyon dahil parati itong nakangiti. In fact, she never heard her raise her voice to anyone, kahit noong mga panahong bata pa sila at may pagkapilyo rin. The woman might have been a saint for all she knew.

Mayamaya ay nakarinig sila ng ingay ng sasakyan na pumasok sa kanilang garahe. Kung kanina ay magana si Rachelle sa pagkain, ngayon ay parang hindi niya malunok ang isinubo. Inabot niya ang baso ng tubig at uminom mula roon. She felt her stomach clench at the sound of the car in the driveway.

“Aba’t nandito na pala si Gavin!” natuwang sambit ng matanda.

Rachelle pushed her glasses to keep them from sliding off. Napayuko siya at matabang na pinagmasdan ang natitirang pagkain sa plato nang marinig ang mga yabag ni Gavin nang pumasok ito sa loob ng bahay.

“Ma, I’m home!” he chimed exaggeratedly.

Nakasukbit sa kaliwang braso nito ang white coat habang bitbit ang isang pumpon ng bulaklak sa kabilang kamay. “Look what I got for you, Mama!” With a flourish, he handed the bouquet to his mother and kissed her soundly.

Natawa ang matanda sa exaggerated gesture ng anak. “Ikaw talagang bata ka, gabing-gabi na, nag-iingay ka pa.”

Gavin grinned impishly. “Bakit, masama bang batiin ko ang pinakamagandang nanay sa balat ng lupa?”

Lalong natawa ang ginang. “Hala, tama na ’yang pambobola mo at kumain ka na. Ipinagluto kita ng paborito mo.”

Bago umupo ang binata ay may dinukot ito sa bulsa ng white coat. “At siyempre, makakalimutan ko ba naman ang pinakamamahal kong si Rachelle?” He drew a single-stemmed rose and placed it near her right side.

Kinindatan siya nito at tumabi sa kanya habang pumasok sa loob ng kusina ang matanda para kumuha pa ng pagkaing niluto.

Rachelle felt the air around them thicken. Mula sa gilid ng mga mata ay pinagmasdan niya si Gavin.

His dark, wavy hair fell from the side of his face. His angular jaw was relaxed as a casual smile played on his lips. Matangos ang ilong nito na halintulad sa ama na may lahing Kastila. His dark brows accented his deep-set, dark eyes. His fair complexion all the more highlighted the darkness of his hair and eyes, his broad shoulders seemingly occupying every little space between them.

She fidgeted in her seat and averted her eyes, but it didn't do any good. Nalanghap niya ang amoy ng pabango nito and it wreaked havoc in her senses. Gabi na't lahat, ngunit hindi pa rin nawawala ang preskong amoy na para bang kalalabas lang nito sa banyo.

“So how are you, Sweetheart?” His voice was like honey when he spoke of the endearment. Hindi siya nito tiningnan ngunit daig pa ng nakaloloko nitong mga tingin ang mga katagang sinabi.

She felt a delicious shiver of delight run down her spine at the sweet timbre of his voice. *Rae, ano ba? What has gotten into you?* kastigo niya sa sarili.

“I've asked you not to call me that, Gavin,” matabang niyang tugon. She tried very hard to make her voice sound neutral bagaman at pilit niyang pinipigilan ang paglikot ng puso sa kanyang dibdib.

She saw the corner of his lips arch in a tight grin. “Masama ba ang magtanong?”

“You know what I’m talking about,” aniya sa pagitan ng mga nagtatagis na ngipin.

Sabay silang lumaki at bagaman isa’t kalahating taon ang tanda niya sa binata, kahit kailan ay hindi niya narinig itong tinawag siya na ‘Ate’. Nor was there anything remotely sisterly to any of his actions, lalo na noong nagbinata ito.

When Gavin was twenty years old, he verbally spoke of his feelings for her during one of their heated arguments. Inisip ni Rachelle na baka na-infatuate lang sa kanya ang kinakapatid kaya nasabi iyon. She didn’t take his words seriously. Subalit sa kabila ng lahat ng iyon at may ilang taon na rin ang nakalipas, pakiramdam niya kahit kailan ay hindi siya ituturing na kapatid ng lalaki. He never spoke of his feelings, yet his actions spoke volumes. Siya mismo ang pilit na umiiwas, to the point na nag-ipon siya para bumili ng sariling condo unit para lang mapalayo. Yet at the insistence of their parents, sa bahay pa rin ng mga Saavedra siya madalas umuuwi.

Simula noon, hindi na siya pinatahimik ng binata. Noong una ay nakasanayan na niya ang madalas na pagsunod sa kanya nito, ngunit nang

maglaon ay naging masugid ang lalaki, lalo na noong mga panahon na may ilang mga nanliligaw sa kanya. Gavin would always find ways to annoy and drive the patience out of every guy she dated. Kakaunti na nga lang iyong nagpakita ng interes sa kanya, hinadlangan pa nito ang mga iyon.

It was not as if she was repulsed by the man. Indeed, Gavin grew up to be a dashing, good looking man and every woman's essence of a dream guy. Pag-aari ni Gavin ang ilang dental clinic chains sa Quezon City at sa Makati. He was a musically inclined person and was very much involved in social work. He was charming, intelligent, funny and very affectionate.

In short, he was big trouble.

Kung tutuusin, Gavin was the embodiment of everything she wanted in a man. Hindi mahirap mapaibig dito. Ngunit walang balak si Rachelle na mag-take advantage, lalung-lalo na sa nag-iisang anak ng mga Saavedra. Masyado niyang mahal ang mag-asawang kumupkop sa kanya para bigyan ng kahit anong ikasasama ng loob ang mga ito. Sapat na ang pagmamahal at pagturing nilang tunay na kaanak kay Rachelle. Lampas-tao na ang utang-na-loob niya sa pamilyang iyon.

“Did anyone ever tell you look adorable wearing

glasses?” Ibinalik siya sa kasalukuyan ng boses ng katabi.

In frustration, tinanggal niya ang suot na salamin at ibinaba iyon sa mesa. Marahang inabot ni Gavin ang pupulsuhan niya bago pa niya maibaba ang eyeglasses niya. “I’ve missed you, Sweetheart,” masuyong sambit nito.

Pakiramdam niya ay dumikit ang kanyang balat sa isang live wire. Mabuti na lang at maaga niyang nailayo ang braso nang bumalik sa komedor si Mrs. Saavedra dala ang isang oven tray na umuusok sa init.

“Wow! Is that what I think it is?” tanong ng binata.

“Eggplant parmigiana, your favorite, Hijo,” tango ng matanda.

“Thanks, Ma. You’re the best!” anito at sinimulang atakihin ang inihanda ng ina.

Rachelle suddenly felt the space constrict and she found it hard to breathe. Masyadong malapit si Gavin and the sidelong glances he was giving her made her feel uncomfortable as hell.

“Rae, may problema ba?” nag-aalalang tanong ng ginang nang mapansin ang hindi nito pagkibo.

Umiling siya. “I-it’s nothing, Ma. Pagod lang ako siguro and I think I’m having a headache. Will you excuse me?” Tumayo na siya sa kinauupuan.

Dinampot niya ang mga gamit at nagmamadaling inakyat ang kuwarto.

Isang mahinang katok ang bumasag sa katahimikan ng kanyang silid. Nakahiga siya sa kanyang kama, suot pa rin ang uniform niya, nang maramdaman niyang may pumasok sa loob. Tanging ang liwanag lang ng buwan ang nagsilbing ilaw galing sa kanyang bintana. Nakahawi ang mga kurtina kaya malayang nababalutan ng malamlam na ilaw ang kuwarto.

“I’m okay, Ma, don’t worry about me,” ani Rachelle sa inakala niyang si Mrs. Saavedra. Napabalikwas siya paupo nang maamoy niya ang masculine scent na iyon. Obviously, it was not her mother who entered the room. She felt her muscles clench in anticipation and tension.

“Pinadadalhan ka ni Mama ng kape at aspirin para sa sakit ng ulo mo.” It was Gavin. Halatang nag-aalala ang tinig nito bagaman hindi maaninag ni Rachelle ang mukha nito sa dilim. Natagpuan niya

ang sariling pigil-pigil ang hininga.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” Hindi naman siya nang-aakusa. Hindi lang niya mapagkatiwalaan ang sarili kapag masyadong malapit ang binata sa kanya. Hindi dapat mawala ang kontrol niya sa sarili.

Lingid sa kaalaman ng binata, kahit siya ay matagal na ring nirerendahan ang sarili, lalo na sa kanyang damdamin. Kung hindi siya mag-iingat, hindi maglalaon ay mahuhulog din ang loob niya sa kababata. Heck, sa tingin niya ay nahulog na nga siya para rito, ayaw lang niyang i-acknowledge. To do so would finally admit her betrayal to the two people she looked up to and loved unconditionally as her parents.

“I was worried, that’s all. I’m sorry,” ani Gavin.

They sat in the dark, listening to the sound of their breathing. Rachelle didn’t trust herself to speak. Finally, after a weary sigh from Gavin, he rose and took one step to close the distance between them.

“Good night, Sweetheart,” sambit nito at masuyong hinaplos ang isang pisngi niya. He turned and left, silently closing the door behind him.

Hindi rin napigilan ni Rachelle na damhin ang gilid ng kanyang mukha, as if to feel his lingering

Forbidden Love - Erynn Anne

caress.

2

Ang *St. James Academy for Special Children* ay isa sa mga top SPED schools sa bansa. Malaki ang eskuwelahan na matatagpuan sa Estrella Street sa Makati, ilang metro lang ang layo sa *Rockwell Powerplant Mall*. At dahil located ito sa isang upscale vicinity, masasabi na ring may-kaya ang mga magulang na nagpapaaral ng mga anak nila roon. Kung tutuusin, talaga namang may kamahalan ang magpaaral ng isang special child dahil specialized curriculum at facilities ang kinakailangan upang matugunan ang pangangailangan ng mga ito.

Magkakasama sa iisang cluster ang mga bata na pare-pareho ang special needs. Overall, there were five clusters at may kanya-kanya silang floor sa school building. Ang mga kumpol na ito ay binubuo ng mga estudyante na mentally gifted, learning disabled, autistic, speech defective at iyong may mga behavior problems. The entire complex was circular at sa gitna ng eskuwelahan ay isang malaking field na nagsisilbing playground ng mga bata.

Rachelle was part of the cluster that handled kids with learning disabilities. She could actually

teach in any of the clusters, but she found her calling in her present situation. May mga pagkakataon, kapag on leave ang isang teacher sa ibang cluster ay siya na mismo ang nag-vo-volunteer to fill in. She loved children, lalo na ang may mga espesyal na pangangailangan sa kanilang development. This was mainly the reason why she took up Psychology and specialized in Special Education.

At that time, her class was on a break. Pinatulong niya ang mga iyon sa padded section ng classroom. Classical instrumental music wafted through the air-conditioned room. Sinisiguro niyang hindi nape-pressure at napapagod ang mga estudyante niya sa kanilang mga lessons. Pero sinisiguro rin niya na nag-e-enjoy ang mga bata sa klase nila.

She pulled the soft covers around the shoulders of Nathan, isa sa mga pilyong estudyante niya. Lagi itong huling nakakatulog dahil kailangan pa itong ipaghele. Despite his mischief, the kid never failed to make her smile lalo na kapag tulog na ito. Mukha kasi itong anghel sa mamula-mula nitong pisngi.

Pinagmasdan niya ang mga natutulog na bata nang may kaunting kirot sa puso. Nagiging softie talaga siya pagdating sa mga estudyante niya. Alam niyang hindi birong magpalaki ng special child, at

kailangang maging mas pasensyoso silang mga guro nila lalo na't sa kaso ng mga alaga niya, nahihirapan ang mga itong matutunan kahit ang mga basics gaya ng pagbibilang at maging ang alphabet. Iyon ang dahilan kaya sila mahiyain sa pakikitungo sa ibang tao. Ang iba naman ay kabaligtaran: they often get frustrated and lose interest altogether.

Madalas niyang i-imagine na sarili niyang mga anak ang mga estudyante niya. Bilang isang ampon, alam niya ang kahalagahan ng pagmamahal at suporta ng magulang. Her colleagues often warned her about being too emotionally attached to her students, pero binalewala niya iyon. For Rachelle, her students would always be her little ones.

Naputol ang kanyang pagmumuni-muni nang may narinig siyang tumikhim mula sa kanyang likuran. Natigagal siya nang makita niya si Gavin na nakatayo sa may doorway, an impish smile on his face.

Naramdaman niyang nanuyo ang lalamunan niya pagkakita rito. He was dressed rather casually in dark pants, loafers and a bright blue polo shirt. His wavy hair was slicked back. Sa kabila ng nakalolokong ngiti nito, his eyes smoldered and spoke volumes when he gazed at her.

Bigla siyang na-self-conscious. She smoothed her uniform skirt and pushed back her glasses to keep them from sliding off. Nanginginig pa ang mga tuhod niya nang tumayo siya upang lapitan ito.

“Gab, what are you doing here?” tanong niya. Mababa ang boses niya para hindi maistorbo ang mga natutulog na bata. She felt awkward looking up to him in his tall frame. Hindi siya ganoon kaliit sa height niyang 5’4” pero halos six footer na si Gavin. It was as if he was growing like a weed.

Itinaas nito ang isang maliit na bag. “Nalimutan mo ang baon mo,” sagot nitong hindi napapalis ang ngiti sa labi.

She fidgeted under his warm gaze. Why did it always seem like he was looking right inside her? “Hindi ka na dapat nag-abala pa. Sana tinawagan mo na lang si Nanay Lucing para siya na lang ang nagdala niyan dito.”

Umiling si Gavin. “It wouldn’t be the same.” Gamit ang isang daliri, marahang itinaas nito ang baba niya para magkasalubong ang kanilang mga paningin. “Besides, I wanted to visit you.”

His warm breath fanned her face and all coherent thought seemed to escape her. Hinawakan nito ang

salamin niya at inalis iyon nang dahan-dahan para walang maging balakid sa pagtingin nito sa kanyang mukha. Sa pagkakataong iyon, pinagbigyan niya ang damdamin. Alam niyang hindi dapat, ngunit ilang buwan na rin siyang kinukulit ng kanyang puso. The confession Gavin blurted out to her some ten years ago obviously never waned; malinaw iyon na nakalarawan sa mukha nito habang pinagmasdan niya ang samu't saring emosyon na naaninag niya sa mga mata ng binata.

Sa isang di-maipaliwanag na kadahilanan, naisip ni Rachelle na kung nagkataon na ipinanganak sila sa ibang pagkakataon, marahil ay hindi niya kailangan pang mag-alinlangan sa nararamdaman. Hindi mahirap mahal in si Gavin. Ngunit nangingibabaw ang pagmamahal niya sa mga magulang nito at ang utang-na-loob na mayroon siya sa mag-asawa.

Iyon marahil ang nagpabalik sa kanya sa realidad. Inilihis niya ang mukha at tumingin sa ibang direksyon. Hindi niya nakita ang pagguhit ng kirot at pagkagulo sa mga mata ng binata.

“Gab, please,” aniya. “We’ve had this discussion several times already.” She didn’t trust herself to look at him. Kung minsan ay hindi niya magawang sabihin nang may conviction ang mga katagang binitiwang

niya.

“Hindi madaling turuan ang puso na lumimot, Rae,” mahinang anito.

“Yan ay dahil ayaw mong tulungan ang sarili mo.”

“You know damn well na labag iyon sa kalooban ko. Why are you so scared? Why won’t you tell me anything?” untag nito.

Umatras siya ng isang hakbang. “Sinabi ko na sa ‘yo noon pa. I... I don’t feel anything. Not for you.” Parang labas sa ilong ang sinabi niyang iyon. Alam niyang hindi ito ganoon kadaling kumbinsihin. The man was as stubborn as a rock.

“Kailan ka pa natutong magsinungaling sa akin, Rae? I can read you like an open book.” He took a furtive step toward her. “I can’t stop thinking about you. Ikaw lang ang nilalaman ng isip ko every damn day. I feel like any moment I’m going to go out of my mind.”

Like always, his words were intoxicating. She kept a firm hold on herself. “You know why this,” minuwestra niya ang kamay, “is impossible. Please, Gab.” Hindi na niya itinuloy ang mga sinasabi. Ayaw niyang pasakitan pa ito.

Nakita niyang bumagsak ang mga balikat nito na para bang natalo sa laban. “This isn’t over. I’m not giving you up that easily.”

Tumalikod si Rachelle para hindi na niya ito matingnan pa. She felt her insides being painstakingly ripped at his words. “Salamat sa pag-aalala mo at sa pagdala ng baon ko,” pag-iiba niya sa usapan habang inaayos ang ilang papeles sa kanyang mesa.

“Actually, hindi lang naman iyon ang dahilan kung bakit ako napunta dito. May sadya talaga ako sa ’yo.”

Napabaling siya bigla rito at nakita niyang winagayway nito ang dalawang pirasong papel. “May tickets ako sa premiere ng movie ni Jensen Ackles. Di ba, fan ka n’un?”

Number one fan, actually. Ngunit alam niya na mas lalong magiging kailang-ilang ang sitwasyon kapag pinaunlakan niya ang paanyaya nito.

Umiling siya. “I’m sorry, Gab. Susunduin ako ni Luke mamaya pagkatapos ng trabaho. Lalabas daw kami. Kakauwi lang niya galing Spain at gusto niya kaming magkita.”

“Spare me the details,” ani Gavin na may poot sa mga salita. “May araw din ang kumag na ’yan.”

Nagkibit-balikat si Rachele. She knew Gavin hated her boyfriend's guts. Nilinaw nitong ayaw nitong makita ang nobyo niya, much less breathe the same air.

Nagpasalamat siya nang hindi na itinuloy ng binata ang diskusyong iyon. He gave her one regretful smile and walked away.

His presence still lingered and there was a forlorn expression on her face. Malalim ang buntong-hininga ni Rachele. Hindi niya alam kung hanggang kailan niya maiiwasan ang mga advances ni Gavin. Pilit niyang pinaiiral ang kanyang pag-iisip imbis na bumigay sa damdamin niya.

Falling in love with him was a disaster waiting to happen. Tama na siguro na siya lang ang masaktan kaysa may madamay pang iba.

Nakita niyang ipinatong ng binata ang lunch bag niya sa isa sa mga upuan. Kinuha niya iyon at sinilip sa loob kung ano ang laman.

A single rose bud lay simply on top of the pack.

Sa kabila ng mga nasabi niya kanina, napangiti siya sa simpleng gesture na iyon. Hindi nga talaga mahirap mahalina si Gavin. Ang ikinakatakot niya ay baka mahirapan siyang mapigilan ang damdamin...

Forbidden Love - Erynn Anne

dahil aminin man niya o hindi, umiibig din siya sa binata.